

## PAUNANG SALITA

Ang pagsasaling ito sa wikang Pilipino ng *1689 na Pagpapahayag ng Pananampalataya* ay nagsimula noong 1989. Ang taong 1989 ang ika-300 anibersaryo ng *Pagpapahayag* (Confession). Muling natuklasan ng dumaraming bilang ng mga iglesiang Baptist sa Pilipinas ang *Pagpapahayag* at pinaniniwalaan ang mga doktrinang noong una pa ay pinanghahawakan na ng maraming Baptist sa Britanya at sa Estados Unidos. Napagpasiyahan na ang pagsasalin ng *Pagpapahayag* ay makatutulong sa tunay na pangangailangan ng mga iglesiang Baptist at ng mga iba pa.

Isang lupon ng tagapagsalin ang itinatag na binubuo nina Arnel Cajayon, Brian at Neco Ellis, Noel Espinosa, Rene Maramara at Pacita Seveses. Sila ang mga kinatawan ng limang iglesia na nanghahawak sa mga doktrinang ipinahahayag sa *1689 Pagpapahayag*.

Ang *Pagpapahayag* ay unang isinalin ni Dan Esplana na taga-Daet. Ang saling ito ay hindi gaanong nagamit ng mga tagapagsalin sa dahilang ito ay malimit na napaka-literal at napakalalim ng Tagalog. Gayon man ay ibinigay niya ang pahintulot na ito ay baguhin. Si Arnel Cajayon at ang ilan sa mga miembro ng kaniyang iglesia ay nagsalin din ng unang sampung kabanata at ang saling ito ang naging batayan ng unang sampung kabanata nito.

Ang lupon ay nagtipon minsan sa isang buwan nguni't ang pagsasalin ay naging napakabagal. Dahil diyan, noong Enero 1991 isang maliit na grupo mula sa Cubao Reformed Baptist Church na binubuo nina Avin Castillo at Brian at Neco Ellis ang nagsimulang magtipon linggu-linggo at natapos ang pagsasalin noong Mayo 1991. Ang saling ito ay ipinadala sa dating lupon ng tagapagsalin at sa ilang iglesiang nanghahawak din sa pagpapahayag na ito upang kanilang mapagbalik-aralan, mabigyan ng mga mungkahi at pagpuna. Sa kahuli-hulihan, noong Junyo 1991, itinakda at isinaayos na magtipon sa Los Baños ang mga kinatawan ng siyam na iglesia at doon pinagkaisahang pagtibayin ang salin sa wikang Pilipino ng *Pagpapahayag*.

Ang *Pagpapahayag* na ito sa wikang Pilipino ay inihahandog sa inyo na kalakip ang maraming panalangin na gagamitin ito ng Diyos sa Pilipinas sa pagpapatibay ng Kaniyang Iglesia at sa paglago ng katotohanang ipinahahayag sa atin sa Banal na Kasulatan.

Nais ipabatid ng mga manlilibag ang kanilang taus-pusong pasasalamat sa bawat isa na tumulong sa pagsasalin nito at sa mga iba pa. Purihin nawa ang Diyos.